

Bagong mga parke sa lugar ng Wombat Macedon

Ang Gobyerno ng Victoria ay lumilikha ng higit sa 75,000 ektarya ng mga bagong parke at reserba sa central west ng Victoria, kabilang ang tatlong mga bagong pambansang parke.

Sa lugar ng Wombat Macedon ay lumilikha kami ng isang bagong pambansang parke, apat na baong mga parke, at dalawang mga parke sa pangangalaga.


Pinoprotektahin natin ang likas kapaligiran at ating yamang uri ng hayop, kabilang ang Greater Gliders, Powerful Owls at Swift Parrots, at tinitiyak na ang mga taga Victoria ay maaaring patuloy na masiyahan sa ating malawak na magandang lugar.

Nakatuon rin kami sa pagkikisosyo sa mga Tradisyonal na Nagmamay-ari upang suportahan ang koneksyon sa bansa at bagong pangalan ng mga parke at reserba.

Sa bagong mga pambansang parke, makakapunta ka na:	Sa bagong mga panrehiyong parke, makakapunta ka na:
Pag-akyat sa bundok, pagmamasid sa kalikasan at pag-picnic	Pag-akyat sa bundok, pagmamasid sa kalikasan at pag-picnic
Pagmamaneho at pagmamaneho ng sasakyan na may apat na gulong	Pagmamaneho at pagmamaneho ng sasakyan na may apat na gulong
Kamping	Kamping
Pagsakay sa trail bike	Pagsakay sa trail bike
Pagmomotor sa bundok at pagbibisikleta	Pagmomotor sa bundok at pagbibisikleta
Paglalakad gamit ang aso sa ilang mga lugar	Pagsakay sa kabayo sa mga daanan
Pagsakay sa kabayo sa mga daanan	Paglalakad gamit ang aso
Libangan na paghahanap ng potensyal sa lugar	

Lumilikha kami ng:

- **ang Wombat-Lerderderg National Park** (higit-kumulang sa 44,700 ektarya kabilang ang 20,470 ektarya ng umiiral na Protektadong Kagubatan)
- **Hepburn Conservation Park** (2,714 ektarya)
- **Cobaw Conservation Park** (2,532 ektarya), at

- 
- **apat na mga bagong panrehiyong parke** malapit sa Barkstead, Blackwood, Spargo Creek at kanluran na Macedon (kabuuang higit sa 15,000 ektarya) at pagdaragdag ng halos sa 3000 ektarya sa Hepburn Regional Park.

Ang mga benepisyo sa pagpapalawak ng mga parke at pangangalaga sa lugar ng The Wombat-Lerderderg National Park ay magpoprotekta sa tirahan ng mga nanganganib na uri ng hayop, kabilang ang Greater Glider, at magiging isang turismong pagmumulan ng kita na may mga oportunidad upang maghatid ng kasiyahan sa kamangha-manghang mga tanawin.

Ang Hepburn at Cobaw Conservation Parks ay magbibigay ng karagdagang mga oportunidad para sa mga taga Victoria na makibahagi sa kalikasan.

Ang bago at napalawak na mga panrehiyong parke ay madaling matatagpuan malapit sa mga panrehiyong bayan at magbibigay para sa isang malawak na saklaw ng libangan na mga aktibidad kabilang pagsakay sa kabayo, paglalakad gamit ang aso at paghahanap ng potensyal sa lugar.

Karamihan sa mga bagong parke at reserba ay bibigyan ng mga Aboriginal na pangalan ng lugar bilang pagkakatatag nito.

Pagpapahusay ng ating mga pampublikong lugar, daanan sa paglalakad at pasilidad

Sa pamamagitan ng \$105.6m na laan ng victoria's Great Outdoors ang Gobyerno ng Victoria ay magpapatuloy ang ilang mga hakbangin sa lugar na ito kabilang ang pag-upgrade ng mga kamping at pagbubuo ng bago at na-upgrade na daanan sa paglalakad at daanan sa paglalakad ng mga pasilidad.

Sa bahagi ng Wombat Macedon kabilang rito ang: Carrolls Springs, Western Wombat Campground, Wombat 4WD Tour -4WD tracks, Wombat Walking Trails sa paglalakad sa mga daanan.

Ang Gobyerno ng Victoria ay namuhunan na ng \$105m sa mga daanan ng sasakyan na may apat na gulong sa buong estado at \$280,000 sa Central West, na may darating pa.

Ilan sa mga pangunguha ng lokal na kahoy na panggatong ay pinapayagan mula itinalagang lugar hanggang sa Hunyo 2029.

Ang libangan na pangangaso at komersyal na pag-aani ng troso ay hindi pinapayagan sa pinalawig na panrehiyong parke.

Ano ang papayagang magpatuloy

Pana-panahong libangan na pangangaso ng usa (sa pamamagitan ng pagmamanman) ay papayagan sa pambansang parke sa mga lugar kung saan ito pinapayagan.

Ang karagdagan na komersyal na pag-aani ng troso (pagpuputol at piling mga operasyon sa pag-aani) sa mga bagong parke at Hepburn Regional Park, at isang maliit na lugar sa hinaharap ng pambansang parke, ay papayagan hanggang sa dulo ng taong 2030.

Ang komersyal na pag-aani ng troso sa bagong Wombat- Lerderderg National Park. Pangunguha ng lokal na kahoy na panggatong ay papayagan sa mga lugar ng bagong panrehiyong parke, mula sa mga itinalagang site na pinili upang makinabang ang mga lokal na pamayanan, hanggang Hunyo 2029.

Walang kawalan ng kapasidad sa pakikipaglaban sa apoy sa harap ng Forest Management Victoria (Pamamahala ng Victoria sa Kagubatan) dahil sagot ng gobyerno at ang kaugnay na pagbabago sa panunungkulan.

Tungkol sa mga pagbabagong ito

Ang mga pagbabagong ito ay makikita sa Gobyerno ng Victoria bilang sagot sa pagsisiyasat ng Victorian Environmental Assessment Council's (VEAC's) sa Central West sa Pangwakas na Ulat at mga rekomendasyon.

Ang mga pagbabagong ito ay nagpapanatili sa ating pinakamamahal kapaligiran at mga yaman sa kapaligiran at abutin ang isang napapanatiling balanse na naglalayon upang matugunan ang lahat ng pangangailangan ng mga gumagamit, ngayon at sa hinaharap.

Maaring mahahanap mo ang sagot ng gobyerno sa aming website.

[Victorian Government response to VEAC's Central West investigation \(forestsandreserves.vic.gov.au\)](https://forestsandreserves.vic.gov.au)



Kung kailangan mo ng tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa Translating and Interpreting Service (TIS) para sa tulong sa pagsasalin ng wika at pagbibigay kahulugan. Makipag-ugnayan sa TIS National sa 131 450 (sa loob ng Australia) o bumisita sa www.tisnational.gov.au/